


Dynamic Prayer Meeting Study Guide (Week 12)¹

PANANAMPALATAYA (FAITH)



Review

- Ano ang unang (#1) ginagawa ng mga taong nagkakatiyon upang manalangin sa Biblia? Nagsisimula sila sa pamamagitan ng _____.
- Ano ang ikalawang (#2) ginagawa nila sa kanilang pagtitipon upang manalangin? Tumutugon sila mula sa _____.

Ang Gampanin ng Pananampalataya sa Panalangin

1. Ang pamumuhay nating kasama ang Diyos ay nagsisimula sa pananampalataya. Sa Marcos 1:17 (MBB) sinabi ni Jesus, “Sumunod kayo sa akin at kayo’y gagawin kong mangingisda ng mga tao.” Ang pagiging “mangingisda ng mga tao” ang resulta. Ang salitang “gagawin” ay may kinalaman sa isang proseso. Parang sinasabi dito ni Jesus, “Kung gugugulin ninyo ang susunod na 3 ½ taon na kasama ako, gagawin ko sa inyong buhay ang isang malaking pagbabago upang kayo’y maging mga lalaking gagamitin ko upang baguhin ang takbo ng kasaysayan.” Sa Gospels (Matthew, Mark, Luke, John) madalas hindi ito naiintindihan ng mga disipulo niya. Ngunit sa Acts, malaking pagbabago ang nangyari. Paano ito ginawa ni Jesus? Ano ang binigyan niya ng diin? Ilan sa mga ito ay ang pananampalataya o faith. Kapag nakikita niya ito, palaging itinuturo ito sa kanila (Mat. 8:10; 9:22; 15:28). Apat na beses, pinagsabihan sila dahil sa kanilang “maliit na pananampalataya” (Mat. 6:30; 8:26; 14:31; 16:8).
2. Sa pamamagitan ng pananampalataya walang imposible. Kung walang pananampalataya, imposibleng mabigyang kaluguran ang Diyos (Heb. 11:6). Natikman ng maraming tao sa Biblia ang parusa ng Diyos dahil sa pagkilala sa mga diyus-diyosan, pagmamataas, at kawalan ng pananampalataya.
3. Ang pagkilos ng Diyos sa buhay natin ay nakaugnay sa pananampalataya. Hindi tumutugon ang Diyos batay lamang sa pangangailangan natin kundi batay sa pananampalataya natin (Mat. 13:58; 17:20; 8:13; 9:22, 29).
4. Ang pananampalataya ay isang saloobing nakabatay sa katangian, mga pangako, at mga pagkilos ng Diyos.
5. Nanggagaling ang pananampalataya sa pagkakaalam ng mga bagay na ipinahayag ng Diyos.

Oras ng Panalangin

1. Huwag mong aasahan ang sagot ng Diyos sa panalanging walang pagtitiwala sa kanya.
2. Ang panalanging may pananampalataya ay hindi parang “basta sabihin mo makukuha mo.” Hindi ikaw ang magdedesisyon kung ano ang gusto mo at pipilitin ang Diyos na ibigay ito sa iyo. Ang pananampalataya ay nakabatay sa pagkakaalam kung ano ang ipinahayag ng Diyos. Alam ni Abraham na magkakaroon siya ng anak hindi dahil ito ay sarili niyang kagustuhan ngunit dahil ito ay ipinangako ng Diyos. Kung sinabi ng Diyos na mangyayari, tiyak na mangyayari, kahit kailangang maghintay tayo ng ilang taon pa, gaya ni Abraham na naghintay ng 25 taon.
3. Hindi mo man alam nang may katiyakan kung ano, kailan, at paano ang sagot ng Diyos, ngunit batay sa kanyang katangian bilang Diyos alam mo na siya’y tutugon sa paraang ninanais niya. Lumapit tayo sa kanya na may pagtitiwala sa biyaya ng Diyos hanggang ipahayag sa atin ng Diyos kung ano ang gagawin niya.



Pagsisiyasat

1. Ano ngayon ang kalagayan ng iyong puso? May katiyakan ka ba sa Diyos bilang Diyos ng buong sanlibutan na magagawa niya lahat ng hinihiling mo?
2. Mayroon ka bang pananabik na sasagutin ka niya? Sa Biblia, hindi kailanman nabigo ang Diyos na tugunin ang panalangin ng lahat ng nagtitiwala sa kanya. Hindi man nila tinanggap lahat ng gusto nila, ngunit siguradong may sagot na makukuha sila mula sa Diyos. Ito ay karaniwang higit pa sa hinihiling natin.
3. Pagbulayan natin at sabihin natin sa Diyos sa pamamagitan ng panalangin ang kanyang kapangyarihan, ang kanyang presensiya, ang kanyang kaalaman at karunungan, at ang kanyang kabutihan sa atin.



My personal prayer request:

Our church prayer request:

Ipanalangin ang mga requests mo ngayong gabi.

¹ Franklin, John, *Dynamic Prayer Meeting Study Guide*, ©2005 LifeWay Christian Resources, Translated to Filipino by Derick Parfan (Available at http://www.lifeway.com/lwc/files/lwcF_PDF_PrayerMeetingGuide_Franklin.pdf).